Kaligtasan sa Pesticide para sa Mga Manggagawa sa Field at Mga Handler

syngenta

Mga Tala ng Tagapagturo:

- Responsibilidad ng mga pang-agrikulturang employer na bigyan ng impormasyon at proteksiyon ang mga manggagawa at handler na dinisenyo para mabawasan ang pagkakalantad sa pesticide at mga karamdaman na may kinalaman sa trabaho. Kabilang dito ang pagtiyak na sinanay sa kaligtasan sa pesticide ang mga manggagawa at handler.
- Dapat magbigay ang employer ng:
  impormasyon sa kaligtasan at paggamit at panganib ng pesticide
  mga supply sa pag-decontaminate at pang-emergency na tulong medikal,
  abiso sa mga manggagawa tungkol sa paghihigpit sa oras ng mga paggamit, at
  abiso sa mga manggagawa tungkol sa mga paghihigpit sa lugar na nilagyan ng pesticide.
- Maaaring magtalaga ng kinatawan ang isang manggagawa para humiling, sa ngalan niya, ng impormasyon sa paggamit panganib ng pesticide.
- Pinagbabawalan ng alituntunin ang mga pang-agrikulturang employer sa pagbibigay o pag-atas sa isang manggagawa na maghalo/magkarga o gumamit ng mga pesticide o tumulong sa paggamit ng mga ito maliban kung nagsanay bilang isang handler.
- Dapat magbigay ang mga pang-agrikulturang employer ng partikular na impormasyon sa mga manggagawa para sa maagang pagpasok sa lugar na nilagyan ng pesticide bago sila atasan na magsagawa ng mga gawain para sa maagang pagpasok sa lugar na nilagyan ng pesticide.
  Dapat na 18 taong gulang o mas matanda ang mga maagang pumapasok na manggagawa.
- Dapat magbigay ng impormasyon ang employer, sa empleyado, tungkol sa pag-uulat ng hinihinalang mga paglabag sa paggamit sa Pang-estado o Pantribong ahensiya na responsable para sa pagpapatupad ukol sa pesticide.
- Pinagbabawalan ang mga pang-agrikulturang employer sa pananakot, pagbabanta, pamimilit o pagtatangi laban sa sinumang manggagawa o handler para sumunod o tangkaing sumunod sa mga hinihingi ng alituntuning ito, o dahil ang manggagawa o handler ay nagbigay, nagdulot na mabigyan, o magbibigay pa lang ng impormasyon sa employer o sa EPA o sa mga ahente nito hinggil sa gawi na makatwirang pinaniniwalaan ng empleyado na lumalabag sa bahaging ito, at/o nagreklamo, tumestigo, tumulong, o nakibahagi sa anumang paraan sa isang imbestigasyon, paglilitis, o pagdinig tungkol sa pagsunod sa alituntuning ito.

Saan at paano maaaring mapadikit ang mga manggagawa sa mga pesticide o mga tirang pesticide habang nagtatrabaho?

Mahahalagang Termino:

• **Restricted-Entry Interval (REI):** ang oras kasunod ng pagtatapos ng paggamit ng pesticide kapag hindi pinapayagan ang isang manggagawa na pumasok sa field, maliban sa mga maagang pumapasok na manggagawa.

• **Mga Manggagawa sa Maagang Pagpasok:** pagpasok ng mga manggagawa sa isang field habang may bisa pa ang REI; mga gawain lang na may label para sa maagang pagpasok ang pinapayagan.

• **Pre-Harvest Interval (PHI):** ang bilang ng mga araw mula nang matapos ang paggamit ng pesticide hanggang sa maaari nang anihin ang pananim.

Mga Tala ng Tagapagturo:

Saan at paano maaaring mapadikit ang mga manggagawa sa mga pesticide o mga tirang pesticide habang nagtatrabaho?

Paglipat Paalis sa Site at DRIFT: Ang drift ay kapag hindi nanatili sa itinalagang field ang paggamit ng pesticide o lugar na nilalagyan ng pesticide. Ang mga posibleng dahilan ay mahahanging kondisyon habang ginagamit, kapabayaan, mga maling paggamit, at paglalagay gamit ang sirang kagamitan o mga walang alam o hindi marunong na applicator. Tandaang ilayo ang mga bata at mga hindi nagtatrabahong miyembro ng pamilya sa mga lugar na nilagyan ng pesticide at mga lugar na nilalagyan. Gayunman, kasama rin sa offsite na paglipat ang pagpapasingaw (off-gassing) mula sa lupa/mga pag-fumigate ng mga produkto, inversion, paggamit ng pesticide sa tubig, tulad ng mga flood basin application mula sa mga usok o mabagsik na compound, o mahahanging kondisyon habang gumagamit ng sprinkler.

CHEMIGATION: Maaaring gumamit ng mga sistemang pang-irigasyon para maglagay ng mga pesticide at maaaring lumipat ang mga pesticide paalis sa site sa oras ng paggamit na nagko-contaminate sa patubig, lalo na sa mga bukas na sistema, kanal, hukay, slough, at mga katulad na sistema na bukas kumpara sa mga saradong sistema gamit ang mga tubo at hose at gayong kagamitan. Gayunman, may mga karatula man o wala, hindi dapat ituring ng mga manggagawa na ligtas gamitin ang patubig para sa pag-inom, paghuhugas, pagpapalamig, o anumang iba pang gamit dahil baka may mga pesticide ito o tirang pesticide mula sa iba pang uri ng paggamit ng pesticide, tulad ng mula sa mga traktora o aircraft.

Kagamitan para sa Paggamit: Maaari ring magkaroon ng mga tirang pesticide gaya ng sa tanim ang mga kagamitang tulad ng mga sprayer at traktora. Hindi lang laging sa kagamitan na nasa field, pero may tira din sa kagamitang nakaparada sa pinag-iimbakan.

MGA TIRANG PESTICIDE SA MGA PANANIM NA NILAGYAN NG PESTICIDE: Maaaring mapadikit ang mga manggagawa sa mga tirang pesticide sa dahon, tangkay at prutas ng mga tanim na nilagyan ng pesticide habang gumagawa sila sa mga pananim, nasa field, greenhouse, gubat, o nursery man ang pananim na iyon. Ang pagdikit sa lupa, at sa hindi paghuhugas ng mga kamay kapag kumakain, umiinom, naninigarilyo, ngumunguya ng gum, o nagbabanyo ay maaari ring humantong sa pagkakadikit sa mga tirang pesticide.

Talakayan/Aktibidad: Ipatukoy sa klase ang mga lugar sa kanilang pinagtatrabahuhan o sa bukid kung saan sila o ang iba pa ay maaaring mapadikit sa mga pesticide o mga tirang pesticide. (hal., shed na imbakan ng pesticide, kagamitan sa irigasyon, sa mga tanim, kagamitan sa field, atbp.)

Mga terminong dapat mong malaman:

Restricted-Entry Interval – Ang panahon PAGKATAPOS malagyan ng pesticide ang field kung kailan ipinatutupad ang mga paghihigpit sa pagpasok para maprotektahan ang mga tao sa posibleng pagkalantad sa mga mapanganib na antas ng mga tirang pesticide.

- Halimbawa: Kung ang isang pesticide na may 4 na oras na REI ay sinimulang gamitin nang 8:00 am at natapos ang paggamit nang 12:00 pm, ipinapatupad ang REI mula 12:00 pm hanggang 4:00 pm.

Pre-Harvest Interval - Ang oras sa pagitan ng huling paggamit ng pesticide at pag-ani ng mga pananim na nilagyan ng pesticide. (Impormasyong para lang sa mga kagawiang pang-agrikultura, at hindi nakakaapekto sa mga manggagawa o handler)

- Maaaring gamitin para paalalahanan ang mga manggagawa ukol sa kahalagahan ng hindi pagpitas at pagkain ng mga prutas, gulay, o mani nang walang pahintulot mula sa nangangasiwa sa property.

Dapat na lumayo ang mga empleyado sa mga lugar na nasa ilalim ng REI maliban kung bigyan sila ng kanilang employer ng impormasyon at mga proteksiyon para sa maagang pagpasok. Dapat magbigay ang mga employer ng sasakyan patungo sa isang medikal na pasilidad sakaling may emergency. Kung kinakailangan ang maagang pagpasok, dapat na 18 taong gulang o mas matanda ang mga manggagawa. Dapat din na agad silang umalis sa anumang lugar kung saan nako-contaminate sila ng mga pesticide sa pamamagitan ng direktang paggamit o dahil sa drift. Hindi dapat gumanti ang kanilang employer sa isang manggagawa dahil sa paggiit ng mga proteksiyon na iniaatas ng batas o regulasyon.

Hindi maaaring payagan o atasan ng employer ang mga manggagawa na maghalo/magkarga o gumamit ng mga pesticide, o tumulong sa paggamit nito, maliban kung nagsanay sila bilang handler. May ibang panganib ng pagkakalantad ang mga handler at mga kinakailangang karagdagang responsibilidad para maprotektahan ang kanilang mga sarili at ang iba pa.

Mga Daan ng Pagpasok sa Katawan

• Pangunahing Punto: Pagdikit sa BALAT ang pangunahing daan papasok sa katawan.

– Napakahalaga ng paghuhugas pagkatapos ng anumang pagkakalantad at matapos magtrabaho



Paano Mapoprotektahan ng Mga Manggagawa ang Kanilang Mga Sarili sa Pagkakalantad



Mga Tala ng Tagapagturo:

Mga Daan ng Pagpasok sa Katawan

BALAT:

Direkta o hindi direktang pagdikit mula sa mga paggamit/hindi tamang paggamit. Ang pagtatrabaho nang sobrang lapit sa isang paggamit ng pesticide at lagay ng panahon ay may dalang kontaminadong tubig, gas, vapor, o hamog. Pagdikit sa tirang pesticide sa mga tanim at iba pang bagay na nilagyan ng pesticide na nasa loob o malapit sa site na nilagyan ng pesticide, tulad ng mga tubo para sa patubig, hose, traktora, forklift, at kagamitan para sa paggamit. Maaari ring maipon ang tirang pesticide sa damit na hindi nilabhan.

MGA MATA:

Ang pagkuskos sa mata ng mga kamay na maaaring may pesticide mula sa pagdikit sa mga tanim na nilagyan ng pesticide. Gayundin, ang iritasyon ng mata ay maaaring isang palatandaan ng pagkakalantad mula sa isang napakalapit na paglalagay ng pesticide.

PAGLANGHAP:

Ang paghinga ng kontaminadong hangin mula sa drift at iba pang off-site na paglipat, tulad ng pagpapasingaw (off-gassing) mula sa mga kalapit na napausukang field, o fumigation ng produkto sa mga pasilidad kung saan nagmumula ang hangin mula sa mga chamber ng bentilasyon malapit sa mga manggagawa, o mga usok mula sa isang fumigation/chemigation ng field.

PAGLUNOK:

Direktang pagkakalantad sa iniinom na tubig na ginamit para sa chemigation o pagkain ng bunga mula sa isang field na nilagyan ng pesticide. Hindi direktang kontaminasyon sa pamamagitan ng paghipo sa bibig ng mga kontaminadong daliri, kamay, o damit habang naninigarilyo, kumakain, o umuubo.

Talakayan: Ipatukoy sa klase ang mga posibleng daan ng pagkakalantad sa mga pesticide, at ang mga panganib na kaugnay ng bawat isa.

Paano Mapoprotektahan ng Mga Manggagawa ang Kanilang Sarili sa Pagkakalantad

Kapag nagtatrabaho sa mga lugar na nilagyan ng pesticide, magsuot ng damit na pantrabaho na nagpoprotekta sa katawan sa mga tirang pesticide at maghugas ng kamay bago kumain, uminom, gumamit ng kubeta, ngumuya ng gum o gumamit ng tabako. Sa lalong madaling panahon matapos magtrabaho sa mga lugar na nilagyan ng pesticide, maghugas o mag-shower gamit ang sabon at tubig, mag-shampoo ng buhok, at magbihis ng malinis na damit. May mga panganib sa mga bata at mga buntis sa pagkakalantad sa pesticide. Ilayo ang mga bata at hindi nagtatrabahong pamilya sa mga lugar na nilagyan ng pesticide.

Wastong Kasuotang Pantrabaho

Shirt na mahaba ang manggas

Pantalon

Medyas

Saradong sapatos na pantrabaho

Malapad na sumbrero

Panyo (kung kailangan para sa pawis o alikabok)

Talakayan: Talakayin sa klase kung ano ang gustong-gusto nilang gawin matapos magtrabaho, at ituro ang anumang posibleng panganib na malantad ang kanilang pamilya, mga kaibigan, o personal na item sa mga tirang pesticide sa kanilang damit o katawan. (hal., pagyakap sa isang mahal sa buhay na suot ang maruming damit, pagsakay sa sasakyan ng pamilya na marumi ang damit, pag-upo sa furniture sa bahay)

Mga Uri ng Epekto ng Pagkakalantad sa Pesticide



- Malubha
- May Pagkaantala
- Pangmatagalan o Umuulit
- Sensitization

Mga Palatandaan at Sintomas ng Pagkalason

- MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS

– Pagkahilo

– Pagkaduwal

– Pagtatae

– Iritasyon ng Mata

Mga Tala ng Tagapagturo:

Mga Uri ng Epekto ng Pagkakalantad sa Pesticide

MALUBHA: Ang malulubhang epekto sa kalusugan ay mga karamdaman o pinsala na nangyayari matapos malantad at may mabilis na namumuong sintomas, tulad ng pamumula ng balat. Maituturing na malubhang epekto sa kalusugan ang matinding pananakit ng ulo at pagduduwal na nangyayari matapos malantad.

NAANTALA: Ang mga naantalang epekto sa kalusugan ay mga sintomas na hindi agad nararamdaman. Depende sa pesticide at uri ng pagkakalantad, maaaring maantala ang mga epekto nang hanggang ilang araw. Halimbawa, maaaring malantad ang isang tao sa pesticide habang nagtatrabaho at hindi maramdaman ang mga epekto ng iritasyon ng balat at mata hanggang sa gabing iyon o sa susunod na araw.

PANGMATAGALAN o UMUULIT: Karaniwang lumilitaw ang mga umuulit na karamdaman pagkalipas pa ng mahabang panahon matapos mangyari ang pagkakalantad sa mapaminsalang sangkap. Ang mga pangmatagalang epekto ay maaaring bunga ng paulit-ulit na pagkalantad sa antas na napakababa para makabuo ng kapansin-pansing agarang karamdaman o pinsala. Maaari ring dulot ito ng minsanang pagkalantad at lumilitaw pagkalipas ng mahabang panahon matapos gumaling mula sa malulubhang epekto ng pagkakalantad. Kabilang sa ilang pangmatagalang epekto sa kalusugan na karaniwang kaugnay ng pagkakalantad sa pesticide ang kanser, kawalan ng kakayahang magbuntis, mga biglaang pagkalaglag ng bata, mga depekto sa mga anak ng mga nalantad na magulang, pinsala sa nervous system, pinsala sa mga partikular na organ tulad ng baga o atay, at pinsala sa immune system.

SENSITIZATION: Ang pagiging sensitibo sa mga pesticide ay karagdagang umuulit na problema sa kalusugan. Maipapaliwanag ang sensitization sa pamamagitan ng pagkumpara ng ilang pesticide sa mga halaman na tulad ng poison oak. Maraming tao ang walang reaksiyon sa balat sa mga unang beses ng pagkakalantad nila sa poison oak. Gayunman, sa paulit-ulit na pagkakalantad nagiging sensitibo ang ilan. Samakatuwid ay nagkakaroon sila ng reaksiyon na palala nang palala sa bawat karagdagang pagkakalantad. Sa parehong paraan, nakakaapekto lang ang ilang pesticide sa ilang tao makalipas ang ilang pagkakalantad, ngunit kapag naging sensitibo na sila, makakaranas sila ng reaksiyon tuwing nalalantad sila sa materyal. Tulad ng sa poison oak, may ilang tao na hindi kailanman nagiging sensitibo o nagkaka-allergy sa mga pesticide na ito.

Mga Palatandaan at Sintomas ng Pagkalason sa Pesticide

Kasama sa ilan sa mga karaniwang sintomas ng pagkalason na kaugnay ng ilang uri ng pesticide ang pagkahilo, pananakit ng ulo, pananakit ng muscle o pamumulikat, pagkapagod, pagduduwal, at pagtatae. Ang mas matitinding pagkalason ay maaaring humantong sa pananakit ng dibdib, kahirapan sa paghinga, labis na paglalaway o pagtulo ng laway, kawalan ng kontrol sa kalamnan, pangingisay, at pagkawala ng malay. Hindi kailangang maranasan ng isang taong nalason ng pesticide ang lahat ng sintomas na ito at hindi lahat ng pesticide ay nagdudulot ng mga uri ng sintomas na ito. Ang ilan ay nagdudulot ng iritasyon sa balat at mata, pananakit ng ilong at lalamunan, matinding pamumula ng balat, o iba pang uri ng pinsala. May ilang pampausok na maaaring maging sanhi ng hindi makatuwirang pagkilos ng mga tao, at maaaring maging sanhi ng pagbabago ng temperatura ng katawan. Tiyaking nauunawaan ng mga manggagawa na marami ang uri ng pesticide na maaaring makaapekto sa kanila sa iba’t ibang paraan.

Karamihan sa mga karaniwang sintomas ng pagkalason sa pesticide ay katulad ng mga sintomas ng sipon, trangkaso, morning sickness, o hangover. Kung magkakaroon ng karamdaman, at kung may dahilan para maniwala sila na nagkaroon ng pagkakalantad sa pesticide o kung magpapakita ang tao ng mga palatandaan na katulad ng karamdaman sa pesticide, dapat silang humingi ng medikal na tulong. Dapat na magbigay ang kanilang employer ng transportasyon sa isang medikal na pasilidad at impormasyon tungkol sa posibleng pagkalantad kung matutugunan ang mga kondisyong ito.

Talakayan: Paano nagkakatulad ang mga sintomas ng pagkalason sa pesticide sa iba pang karamdaman? Bigyang-diin ang kahalagahan ng pangangalaga sa kanilang mga sarili at mga katrabaho, at pagsasabi sa employer kapag nagkaroon ng mga sintomas o karamdaman sa pesticide.



Mga Karamdamang May Kinalaman sa Init

Paano Protektahan ang Mga Handler

• Isagawa ang pinakamabigat na gawain sa pinakamalamig na bahagi ng araw, kung maaari.

• Dahan-dahang sanayin ang sarili sa init at sa ginagawa sa trabaho.

• Uminom ng maraming malamig na tubig.

• Magsuot ng magaan at manipis na damit, kung hindi kailangan ang PPE.

• Dalasan ang mga saglit na pahinga sa mga malilim na lugar.

• Iwasan ang pagkain ng marami bago magtrabaho sa maiinit na kapaligiran.

• Iwasan ang mga inuming may caffeine at alak bago magtrabaho sa init.

• Alamin ang mga palatandaan at sintomas ng mga karamdamang kaugnay ng init at kung paano gamutin ang mga ito.

Mas Nanganganib ang Mga Handler Kapag:

• Nagsusuot ng personal na kagamitang pamproteksiyon, tulad ng mga respirator o suit. Dapat na isuot ang lahat ng PPE ayon sa label.

Isaalang-alang ang paggamit ng pesticide sa malalamig na oras ng araw, maaga pa lang sa umaga o kapag lumubog na ang araw nang sa gayon ay hindi ganoon kainit ang PPE.

• Umiinom sila ng ilang gamot.

• Dati na silang nagkaroon ng karamdaman dahil sa init.

Kabilang sa Mga Sintomas ng Pagkahapo sa Init ang:

• Ang pagkahapo sa init ang tugon ng katawan sa labis na pagkawala ng tubig at asin, karaniwang sa pamamagitan ng labis na pagpapawis.

Mga pananakit ng ulo, pagduduwal, pagkahilo, panghihina, pagkairita, nangangasim na sikmura, pagsusuka, pagkauhaw, labis na pagpapawis, mataas na temperatura ng katawan, at kaunting pag-ihi.

Ano Ba ang Dapat Gawin?

• Ilipat ang tao sa isang malamig at malilim na lugar para magpahinga.

• Luwagan at alisin ang anumang hindi kailangang damit, kasama ang sapatos at medyas.

• Palagukin lagi ng malamig na tubig ang tao.

• Palamigin ang balat ng mga cold compress o pahugasan sa tao ang kanyang ulo, mukha at leeg ng malamig na tubig.

• Dalhin ang tao sa isang klinika o emergency room para sa medikal na pagsusuri at paggamot, o humingi ng tulong na pang-emergency. Kung hindi gagamutin ang pagkahapo sa init, maaaring mauwi sa heat stroke ang karamdaman.

Heat stroke ang pinakamalubhang karamdaman na may kinalaman sa init. Nangyayari ito kapag hindi na makontrol ng katawan ang temperatura nito. Mabilis na tumataas ang temperatura ng katawan, hindi na gumagana ang mekanismo ng pagpapawis, at hindi na makapagpalamig ang katawan. Kapag nangyari ang heat stroke, maaaring tumaas ang temperatura ng katawan sa 106°F o higit pa sa loob ng 10 hanggang 15 minuto. Maaaring magdulot ng pagkamatay ang heat stroke o permanenteng kapansanan kung hindi mabibigyan ng pang-emergency na paggamot.

Kabilang sa Mga Sintomas ng Heat Stroke ang:

• Pagkalito, nagbagong katayuan ng pag-iisip, o bulol na pagsasalita; pagkawala ng malay; mainit, tuyong balat o labis na pagpapawis; mga paninigas ng katawan; at napakataas na temperatura

Ano ba ang dapat gawin?

• Humingi ng tulong na pang-emergency.

• Ilipat ang tao sa isang malamig at malilim na lugar.

• Alisin ang panlabas na damit.

• Agad na palamigin ang manggagawa gamit ang malamig na tubig o paglublob sa yelo kung maaari. O kaya naman, basain ang balat, maglagay ng malalamig na basang tela sa balat, o ibabad ang damit sa malamig na tubig.

Subukang pabilisin ang proseso ng pagpapalamig sa pamamagitan ng pagpaypay sa tao.

• Maging alerto hanggang sa dumating ang EMS.

Mga Tala ng Tagapagturo:

Mga Karamdamang May Kinalaman sa Init

Paano Protektahan ang Mga Handler

• Isagawa ang pinakamabigat na gawain sa pinakamalamig na bahagi ng araw, kung maaari.

• Dahan-dahang sanayin ang sarili sa init at sa ginagawa sa trabaho.

• Uminom ng maraming malamig na tubig.

• Magsuot ng magaan at manipis na damit, kung hindi kailangan ang PPE.

• Dalasan ang mga saglit na pahinga sa mga malilim na lugar.

• Iwasan ang pagkain ng marami bago magtrabaho sa maiinit na kapaligiran.

• Iwasan ang mga inuming may caffeine at alak bago magtrabaho sa init.

• Alamin ang mga palatandaan at sintomas ng mga karamdamang kaugnay ng init at kung paano gamutin ang mga ito.

Mas Nanganganib ang Mga Handler Kapag:

• Nagsusuot ng personal na kagamitang pamproteksiyon, tulad ng mga respirator o suit. Dapat na isuot ang lahat ng PPE ayon sa label.

Isaalang-alang ang paggamit ng pesticide sa malalamig na oras ng araw, maaga pa lang sa umaga o kapag lumubog na ang araw nang sa gayon ay hindi ganoon kainit ang PPE.

• Umiinom sila ng ilang gamot.

• Dati na silang nagkaroon ng karamdaman dahil sa init.

Kabilang sa Mga Sintomas ng Pagkahapo sa Init ang:

• Ang pagkahapo sa init ang tugon ng katawan sa labis na pagkawala ng tubig at asin, karaniwang sa pamamagitan ng labis na pagpapawis.

Mga pananakit ng ulo, pagduduwal, pagkahilo, panghihina, pagkairita, nangangasim na sikmura, pagsusuka, pagkauhaw, labis na pagpapawis, mataas na temperatura ng katawan, at kaunting pag-ihi.

Ano Ba ang Dapat Gawin?

• Ilipat ang tao sa isang malamig at malilim na lugar para magpahinga.

• Luwagan at alisin ang anumang hindi kailangang damit, kasama ang sapatos at medyas.

• Palagukin lagi ng malamig na tubig ang tao.

• Palamigin ang balat ng mga cold compress o pahugasan sa tao ang kanyang ulo, mukha at leeg ng malamig na tubig.

• Dalhin ang tao sa isang klinika o emergency room para sa medikal na pagsusuri at paggamot, o humingi ng tulong na pang-emergency. Kung hindi gagamutin ang pagkahapo sa init, maaaring mauwi sa heat stroke ang karamdaman.

Heat stroke ang pinakamalubhang karamdaman na may kinalaman sa init. Nangyayari ito kapag hindi na makontrol ng katawan ang temperatura nito. Mabilis na tumataas ang temperatura ng katawan, hindi na gumagana ang mekanismo ng pagpapawis, at hindi na makapagpalamig ang katawan. Kapag nangyari ang heat stroke, maaaring tumaas ang temperatura ng katawan sa 106°F o higit pa sa loob ng 10 hanggang 15 minuto. Maaaring magdulot ng pagkamatay ang heat stroke o permanenteng kapansanan kung hindi mabibigyan ng pang-emergency na paggamot.

Kabilang sa Mga Sintomas ng Heat Stroke ang:

• Pagkalito, nagbagong katayuan ng pag-iisip, o bulol na pagsasalita; pagkawala ng malay; mainit, tuyong balat o labis na pagpapawis; mga paninigas ng katawan; at napakataas na temperatura

Ano ba ang dapat gawin?

• Humingi ng tulong na pang-emergency.

• Ilipat ang tao sa isang malamig at malilim na lugar.

• Alisin ang panlabas na damit.

• Agad na palamigin ang manggagawa gamit ang malamig na tubig o paglublob sa yelo kung maaari. O kaya naman, basain ang balat, maglagay ng malalamig na basang tela sa balat, o ibabad ang damit sa malamig na tubig.

Subukang pabilisin ang proseso ng pagpapalamig sa pamamagitan ng pagpaypay sa tao.

• Maging alerto hanggang sa dumating ang EMS.

Mga Pamamaraan sa Paunang Lunas

MGA MATA

- **Manatiling nakadilat at hugasan ng malinis na tubig sa loob ng 15 minuto.**
- **Agad na humingi ng tulong medikal.**

PAGLANGHAP

- **Lumipat sa may sariwang hangin at luwagan ang damit.**
- **Bigyan ng CPR kung hindi humihinga ang tao.**
- **Agad na humingi ng tulong medikal.**

BALAT

- **Alisin ang kontaminadong damit at hugasan ng sabon at tubig ang balat.**
- **Agad na humingi ng tulong medikal.**

PAGLUNOK

- **Basahin ang label at sundin ang mga tagubilin sa pangangalaga.**
- **Agad na humingi ng tulong medikal.**

Pagkuha ng Pangangalagang Medikal

- Dapat dalhin sa klinika ang mga empleyado kung nagkasakit sila dahil sa pagkakalantad sa pesticide.
- Kunin ang Safety Data Sheet (SDS) at impormasyon sa paggamit at, kung mayroon, isang kopya ng label.
- Ipaliwanag ang sitwasyon ng paglalagay o pag-gamit ng pesticide.
- Ipaliwanag ang mga sitwasyon na maaaring humantong sa pagkakalantad sa pesticide.

MGA NUMERONG PANG-EMERGENCY

POLICE
PULIS _____

AMBULANCE
AMBULANSIYA _____

FIRE
BUMBERO _____

DOCTOR
DOKTOR _____

POISON CTRL
KONTROL SA
PAGKALASON _____

MISCELLANEOUS
IBA PA _____

Mga Tala ng Tagapagturo:

Mga Pamamaraan sa Paunang Lunas

Kung malagyan ng pesticide ang mga mata:

Banlawan ang mga mata nang kahit na 15 minuto man lang sa banayad na umaagos na tubig. Kung isang mata lang ang apektado, panatilihing mas mababa ito sa matang hindi apektado, para hindi ito malagyan ng tubig na pangbanlaw.

Banlawan ang mga mata nang kahit na 15 minuto man lang sa umaagos na tubig.

Agad na humingi ng tulong medikal.

Kung malanghap ang pesticide:

Kung nasa isang kulob na lugar na ginamitan ng pesticide ang tao, baka nakalanghap siya ng sapat para magkasakit siya. Kung kayang maglakad ng tao, dapat siyang agad na umalis sa lugar na nilagyan ng pesticide. Bago pumasok sa isang kulob na lugar para saklolohan ang isang walang malay na biktima, protektahan ang sarili gamit ang wastong PPE.

Ilipat ang biktima sa may sariwang hangin at luwagan ang kanyang mga damit.

Kung hindi humihinga ang biktima magbigay ng CPR. (Kung nasanay ka nang wasto sa CPR.) Agad na dalhin ang apektadong tao sa isang medikal na pasilidad.

Kung nalunok ang pesticide:

Hanapin ang label o ang SDS para malaman kung ano ito at sundin ang mga tagubilin sa ilalim ng paunang lunas.

Painumin ng tubig (o sa ilang pagkakataon ay gatas) para ma-dilute kung inirerekomenda ito ng mga tagubilin.

Pasukahin kung nakalagay sa label na gawin ito at may malay ang tao.

Agad na humingi ng tulong medikal.

Kung tumapon o tumagas ang pesticide sa balat o damit:

Alisin ang anumang kontaminadong damit.

Hugasan ng sabon at tubig ang apektadong lugar at maingat na banlawan.

Huwag masyadong diinan o kuskusin, na maaaring gumasgas sa balat at magbigay-daan sa pagpasok ng higit pang pesticide sa katawan.

Agad na humingi ng tulong medikal.

Sa lalong madaling panahon, sundan ng paghuhugas o mag-shower gamit ang sabon at tubig, mag-shampoo ng buhok, at magbihis ng malinis na damit.

Aktibidad: Suriin ang mga pamamaraan sa paunang lunas sa isang label o SDS sheet. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga pamamaraan sa paunang lunas na matatagpuan sa label o SDS kung maaari.

Pagkuha ng Pangangalagang Medikal

Dapat na magbigay ang kanilang employer ng transportasyon sa isang medikal na pasilidad at impormasyon tungkol sa posibleng pagkalantad.

Kapag nagdadala sa isang klinika o emergency room ng biktimang nalason sa pesticide, may ilang bagay na dapat tandaan. Hindi dapat payagang magmaneho ang taong nagkasakit sa mga pesticide. Kinakailangan na dapat mabigyan ng impormasyon ang medikal na tauhan tungkol sa sangkot na produktong pesticide, SDS, at mga sitwasyon kung paano nangyari ang pagkakalantad. Daan-daan ang uri ng mga pesticide, at iba't iba ang paggamot sa pagkakalantad ayon sa pesticide pati na rin sa uri ng pagkakalantad.

Paalala: Sa ilalim ng Worker Protection Standard (Pamantayan ng Proteksiyon ng Manggagawa), dapat ibigay ng employer sa nag-aasikasong medikal na tauhan ang Impormasyon ng Produkto (pangalan ng produkto, aktibong sangkap, at Numero ng Rehisto sa EPA), Safety Data Sheet (SDS) para sa pesticide, at mga detalye hinggil sa mga sitwasyong may kinalaman sa pagkakalantad.

PAGLALABA NG MGA DAMIT NA PANTRABAHO

- HUBARIN ANG DAMIT MATAPOS MAGTRABAHO
- PANATILIHING NAKAHIWALAY SA MGA DAMIT NG PAMILYA O IBA PANG DAMIT



- HIWALAY NA LABHAN SA MGA DAMIT NG PAMILYA O IBA PANG DAMIT
- LABHAN ANG DAMIT GAMIT ANG MAINIT NA TUBIG

- LABHAN ANG DAMIT GAMIT ANG DETERGENT
- MATAPOS LABHAN ANG DAMIT BANLAWAN NANG DALAWANG BESES PARA MAHUGASAN ANG ANUMANG NATIRA



- PATUYUIN ANG DAMIT
- ISAMPAY HANGGANG MATUYO KUNG MAAARI, DAHIL MAKATUTULONG ANG SIKAT NG ARAW NA UBUSIN ANG ANUMANG NATIRA

Mga babala tungkol sa pag-uuwi ng mga pesticide o paglalagay ng mga pesticide sa mga lalagyan ng pagkain

Mga Tala ng Tagapagturo:

Pangangalaga sa mga kontaminadong damit na pantrabaho matapos magtrabaho

Tandaan, pagkauwing-pagkauwi, maghugas o mag-shower gamit ang sabon at tubig, mag-shampoo ng buhok, at magbihis ng malinis na damit. Alisin ang bota o sapatos bago pumasok sa iyong tahanan. Tiyakin na hubarin ang damit pantrabaho at maghugas o mag-shower bago pisikal na dumikit sa mga bata o miyembro ng pamilya.

Baka maging kontaminado ng mga tirang pesticide ang mga damit pantrabaho kapag nagtatrabaho sa mga lugar na nilagyan ng pesticide. Labhan ang mga damit pantrabaho bago muling isuot ang mga ito. Ipaalam sa tao na naglalaba ng damit na baka may mga pesticide ang mga ito at maging maingat kapag hinahawakan ang mga ito, at maghugas pagkatapos. Kung ginamit nang ilang araw ang parehong damit nang hindi nilalabhan, maaaring maipon ang mga tirang pesticide at malipat sa balat ng taong nagsusuot nito. Dapat na hiwalay na itabi ang gamit na damit pantrabaho mula sa labada ng pamilya hanggang sa maaari na itong labhan. Dapat na hiwalay labhan ang maruruming damit pantrabaho mula sa labada ng pamilya sa mainit na tubig, gamit ang isang heavy-duty na detergent. Mas mabuting patuyuin sa araw kaysa clothes dryer ang mga damit pantrabaho. Nakatutulong ang araw na ubusin ang mga tirang pesticide. Maiiwasan din sa pagpapatuyo sa araw na maging kontaminado ang dryer.

Mga tip para sa pangangasiwa ng mga damit pantrabaho.

- Magsuot ng malinis na damit araw-araw.
- Panatilihing nakahiwalay sa damit ng pamilya ang mga damit pantrabaho.
- Hiwalay na labhan sa mainit na tubig ang mga damit at gamit ang matapang na sabon.
- Patuyuin sa labas ang mga damit, kung maaari.
- Mag-shower araw-araw – sa trabaho o kaagad pagkauwi, kung maaari.

Talakayan/Aktibidad: Talakayin ang mga pamamaraan para sa pag-decontaminate at paglalaba ng mga damit pantrabaho sa klase. Ipasulat sa bawat empleyado ang mga pamamaraan na gagamitin nila para sa pangangasiwa sa kanilang mga damit matapos ang bawat araw ng pagtatrabaho, at hikayatin sila na ipaskil ang mga pamamaraan sa isang prominenteng lugar na maaari nilang tingnan araw-araw (hal. locker, laundry room, pintuan ng garahe, atbp.).

Mga babala tungkol sa pag-uuwi

ng mga pesticide o mga container ng pesticide

Hindi kailanman dapat hayaang nakatiwangwang ang mga pesticide sa pinagtatrabahuan. Dapat na maingat na banlawan ang mga walang lamang container at ilagay sa isang naka-lock na lugar para sa pagtatapon. Hindi dapat iuwi ng mga manggagawa ang mga walang lamang container. Hindi kailanman ganap na
walang kontaminasyon ang container ng pesticide at hindi ligtas na gamitin para sa anumang iba pang gamit.

Ang mga pesticide na ginagamit sa mga pananim sa pinagtatrabahuhan ay hindi kapareho ng mga pesticide na maaaring gamitin sa bahay. Mas malamang na mas nakalalason ang mga ito at higit na concentrated kaysa mga pesticide na pambahay.

Para mapanatiling ligtas ang iyong pamilya mula sa mga panganib ng pesticide, lumayo sa mga lugar kung saan ginamit ang mga pesticide.

Ang pagbubuhos ng mga pesticide mula sa mga orihinal na container ng mga ito

tungo sa mga container ng soft drink o iba pang walang lamang container para sa pagkain, inumin, o pambahay ay napakadelikado at ilegal. Kung may makitang ganitong container ng pagkain o inumin, baka mapagkamalan ito na pwedeng kainin ng isang taong walang kaalam-alam. Karaniwang dahilan ito ng hindi sinasadyang pagkalason, lalo na sa mga bata. May mga panganib ng pagkakalantad sa pesticide lalo na sa mga bata at buntis.

Aktibidad: Maghanap ng balita tungkol sa isang karamdaman o pagkamatay na may kinalaman sa pagtatabi ng mga pesticide sa isang container ng pagkain.

Mga Paskil



Pederal

Mga Tala ng Tagapagturo:

Abiso ng Mga Paghihigpit sa Pagpasok

Matapos gamitin ang pesticide, kailangang magpalipas ng oras bago pumasok sa lugar na nilagyan ng pesticide. Ang paghihintay na ito ay tinatawag na Restricted-Entry Interval (REI) (Pagitan ng Panahong Kung Kailan Bawal Pumasok). Maaaring magkakaiba ang REI, mula sa 4 na oras lang hanggang ilang araw o linggo pa nga, depende sa pesticide at sa pananim.

Ang mga Outdoor Production Area na may mga REI ay katumbas ng o mas mababa pa sa 48 oras: Dapat magpaskil ng mga babalang karatula ang mga employer sa paligid ng lugar na nilagyan ng pesticide o magsabi ng mga babala sa mga manggagawang maaaring pumasok. Dapat sundin ang mga sinasabing babala at mga paskil na ito para sa proteksiyon ng manggagawa.

Dobleng Abiso: Maaaring mangailangan ng dobleng abiso ang label (ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagpapaskil at pagsasabi). Dapat ilagay ang mga babalang karatula sa paligid ng isang field na nilagyan ng pesticide, sa mga karaniwang pinapasukan at may regular na agwat sa palibot ng field. Sa mga greenhouse at iba pang kulob na espasyo, dapat magpaskil sa labas ng mga pasukan.

Kinakailangan ang Pagpaskil ng Mga Babalang Karatula:

- Ginamit ang pesticide sa isang kulob na lugar at may REI na higit pa sa 4 na oras;
- Hinihingi ng label ang pag paskil sa field (Matatagpuan sa seksiyon ng label na “Agricultural Use Requirements”);
- Ginamit ang pesticide sa isang outdoor production area at ang REI ay higit pa sa 48 oras.

Application Exclusion Zone—AEZ

Mga AEZ sa Mga Indoor na Lugar

Kung ginamit ang pesticide para sa paggawa sa isang kulob na lugar, itinatakda ang application exclusion zone ayon sa mga sumusunod:

- Ang buong kulob na lugar pati na ang anumang katabing lugar na isinara (sapat para maiwasan ang paglilipat ng pesticide) mula sa site na nilagyan ng pesticide nang gamitin ang pesticide bilang panggamot sa lugar (fumigant, usok, fog, aerosol, o mist) o isang pesticide kung saan ang hinihingi ng label ng produkto ang proteksiyon para sa paghinga hanggang sa matugunan ang pamantayan para sa bentilasyon.
- Ang buong kulob na lugar kung kailan ginamit ang pesticide gamit ang pinong spray hanggang sa matugunan ang pamantayan para sa bentilasyon.
- Ang site na nilagyan ng pesticide pati ang 25 piye sa lahat ng direksiyon sa loob ng kulob na lugar nang gamitin ang pesticide bilang spray mula sa taas na higit pa sa 12 pulgada mula sa lupa o iba pang pagtataniman, o bilang spray na katamtaman o mas malaki.

Mga AEZ sa Mga Outdoor na Lugar

Responsibilidad ng employer na panatilihing nasa labas ng application exclusions zone (AEZ) ang mga manggagawa.



Ginamit:

- **Katamtaman o mas malaking patak**
- **>12” mula sa lupa**



Mga Tala ng Tagapagturo:

Mga AEZ sa Mga Outdoor na Lugar

Responsibilidad ng employer na panatilihing nasa labas ng application exclusions zone (AEZ) ang mga manggagawa.



Ginamit:

- **Katamtaman o mas malaking patak**
- **>12” mula sa lupa**



Mga AEZ sa Mga Indoor na Lugar

Kung ginamit ang pesticide para sa paggawa sa isang kulob na lugar, itinatakda ang application exclusion zone ayon sa mga sumusunod

- Ang buong kulob na lugar pati na ang anumang katabing lugar na isinara (sapat para maiwasan ang paglilipat ng pesticide) mula sa site na nilagyan ng pesticide nang gamitin ang pesticide bilang panggamot sa lugar (fumigant, usok, fog, aerosol, o mist) o isang pesticide kung saan ang hinihingi ng label ng produkto ang proteksiyon para sa paghinga hanggang sa matugunan ang batayan para sa ventilation.

- Ang buong kulob na lugar kung kailan ginamit ang pesticide gamit ang pinong spray hanggang sa matugunan ang batayan para sa ventilation.
- Ang site na nilagyan ng pesticide pati ang 25 piye sa lahat ng direksiyon sa loob ng kulob na lugar nang gamitin ang pesticide bilang spray mula sa taas na higit pa sa 12 pulgada mula sa lupa o iba pang pagtataniman, o bilang spray na katamtaman o mas malaki.

Dobleng Abiso: Maaaring mangailangan ng dobleng abiso ang label (hal., sa pamamagitan ng pagpaskil at pagsasabi). Dapat ilagay ang mga babalang karatula sa paligid ng isang field na nilagyan ng pesticide, sa mga karaniwang pinapasukan at may regular na agwat sa palibot ng field. Sa mga greenhouse at iba pang kulob na espasyo, dapat magpaskil sa labas ng mga pasukan.

Dagdag pa sa mga karatulang babala, dapat manatili ang mga empleyado nang hanggang 100 piye ang layo mula sa ginagamit na kagamitan sa oras ng paglalagay ng pesticide. Dapat tiyakin ng employer na nasa labas ng application exclusion zone ang mga manggagawa habang nangyayari ang paggamit ng pesticide.

Dapat din panatilihin ng mga employer ang isang listahan ng mga pesticide na ginamit kamakailan lang sa bawat site na lalagyan ng pesticide. Dapat na maipaskil ang listahang ito sa ilang sentrong lokasyon sa trabaho kung saan makikita ito ng mga manggagawa at handler. Dapat na kasama rito ang lahat ng pesticide na ginamit sa nakalipas na 30 araw o sa mga REI na nag-expire sa loob ng nakalipas na 30 araw.

Mga Safety Data Sheet SDS

Mga Uri ng Impormasyon

- Mga Panganib
- Pang-emergency na medikal na paggamot/Paunang Lunas
- Malulubha at mga umuulit na sintomas
- Pagiging mapanira
- Sunog
- Natapon



Poster ng Pesticide

- **Iwasang malagyan ang balat o ang katawan ng anumang pesticide na maaaring nasa ibabaw o nasa loob ng mga pananim, lupa, tubig mula sa irigasyon, mga traktora, at iba pang kagamitan, sa mga nagamit nang personal na kagamitang pamproteksiyon, o tinatangay ng hangin mula sa mga nilagyan ng pesticide sa malapit.dahil sa**
- **Maghugas bago kumain, uminom, ngumuya ng chewing gum o manigarilyo, o gumamit ng kubeta.**
- **Magsuot ng mga damit pantrabaho na nagpoprotekta sa katawan mula sa mga tirang pesticide (mga kamisang mahaba ang manggas, pantalon, sapatos at medyas, at sumbrero o bandana).**
- **Maligo o mag-shower gamit ang sabon at tubig, mag-shampoo ng buhok, at magsuot ng malinis na damit matapos magtrabaho.**
- **Hiwalay na labhan ang damit mula sa iba pang damit bago isuot ulit ang mga ito.**
- **Kung natapon o na-spray sa katawan ang mga pesticide, gumamit ng mga supply sa pag-decontaminate para agad na hugasan, o banlawan sa pinakamalapit na malinis na tubig, kasama ang mga bukal, batis, lawa o iba pang pinagmumulan ng tubig kung mas madali itong makukuha kaysa mga supply sa pag-decontaminate, at sa lalong madaling panahon, maligo o mag-shower gamit ang sabon at tubig, mag-shampoo ng buhok, at magbihis ng malinis na damit.**
- **Sundin ang mga tagubilin tungkol sa paglayo sa mga lugar na nilagyan ng pesticide at mga lugar na hindi dapat lagyan.**
- **Humingi ng tulong medikal sa lalong madaling panahon kung naniniwala kang nalason, napinsala o nagkasakit ka dahil sa mga pesticide. Tingnan ang pang-emergency na pasilidad para sa medikal na paggamot sa ibaba.**

PANG-EMERGENCY NA MEDIKAL NA PAGGAMOT

Pangalan ng Medikal na Pasilidad: _____

Address: _____

Numero ng Telepono: _____

AHENSIYANG NANGANGASIWA
PANGALAN
ADDRESS
NUMERO NG TELEPONO

Mga Tala ng Tagapagturo:

Ang mga Safety Data Sheet (SDS) ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga panganib, pang-emergency na medikal na paggamot, at iba pang impormasyon tungkol sa mga pesticide na ginagamit sa establisimyento.

Dapat ipakita ng employer ang SDS para sa lahat ng pesticide na ginagamit sa establisimyento na maaaring mapadikit sa iyo, dapat sabihin sa mga manggagawa at handler kung saan matatagpuan ang SDS, at dapat bigyan ng access sa SDS ang mga manggagawa at handler sa normal na oras ng pagtatrabaho.

Bago payagan ang mga empleyado na humawak ng mga pesticide, dapat magpakita ang employer ng kopya ng nakumpletong nakasulat na Hazard Communication Information for Employees Handling Pesticides (Impormasyon ng Komunikasyon Ukol sa Panganib para sa Mga Empleyado na Humahawak ng Mga Pesticide), gaya ng naaangkop, sa isang sentrong lokasyon sa pinagtatrabahuhan. Kapag hiniling, babasahin ng employer sa humihiling na empleyado, sa wikang naiintindihan ng empleyadong iyon, ang poster ng pesticide. Dapat malaman ng empleyado ang lahat ng lokasyon ng SDS binder at dapat tumanggap ng pagsasanay ukol sa uri ng impormasyon na nakapaloob sa SDS.

Poster ng Pesticide

Sa ilalim ng Worker Protection Standard (WPS) ayon sa binago noong 2015, dapat na may nakahandang partikular na impormasyon sa mga manggagawang pang-agrikultura at mga handler ng pesticide sa lahat ng oras sa mga oras ng kanilang pagtatrabaho. Karaniwang pumipili ng madaling ma-access na lugar ang mga manggagawang pang-agrikultura, marahil ay kung saan nagtse-check in/out ang mga manggagawa sa araw na iyon, kung saan sila nagbibihis, kumakain, atbp.

Site para sa Pag-decontaminate ng Manggagawa sa Field

- Hindi bababa sa 1 galong tubig – kada manggagawa
- Sabon
- Mga tuwalyang isang gamitan lang
- Hindi hihigit sa ¼ milya mula sa mga manggagawa sa field

Mga Tala ng Tagapagturo:

Mga Pasilidad para sa Pag-decontaminate ng Manggagawa sa Field

Hindi dapat hihigit pa sa 1/4 milya ang mga pasilidad para sa pag-decontaminate mula sa mga manggagawa sa field (o sa pinakamalapit na punto ng access sa sasakyan). Dapat na abisuhan ang mga empleyado ukol sa lokasyon ng site para sa pag-decontaminate bago gumawa sa isang field na nilagyan ng pesticide.

Wala dapat sa isang lugar na sumasailalim sa restricted-entry interval ang mga pasilidad para sa pag-decontaminate maliban kung ang mga manggagawa sa field na pinaglaanan ng site ay nagsasagawa ng mga gawain para sa maagang pagpasok. Wala dapat sa isang lugar na nilalagyan ng pesticide ang mga pasilidad.

- Hindi bababa sa 1 galong tubig – kada manggagawa
- Sabon
- Mga tuwalyang isang gamitan lang
- Hindi hihigit sa ¼ milya mula sa mga manggagawa sa field

Kaligtasan sa Pesticide para sa Mga Handler/Applicator

• Maaaring may ginagawa ang handler na alinman sa mga sumusunod na gawain:

– Naghahalo, nagkakarga, naglilipat, o gumagamit ng mga pesticide.

– Nangangasiwa ng mga nabuksang container ng mga pesticide.

– Kumikilos bilang flagger.

– Naglilinis, nangangasiwa, nag-a-adjust, o nagkukumpuni ng mga piyesa para sa kagamitan sa paghahalo, pagkarga, o paglalagay ng pesticide na maaaring may mga tirang pesticide.

– Pagtulong sa paggamit ng mga pesticide, kabilang ang pagsasama ng pesticide sa lupa matapos gamitin.

– Pagpasok sa isang greenhouse, kung saan ginamit ang mga pesticide at hindi pa napapahanginan

– Pagpasok sa isang lugar na nilagyan ng pesticide sa oras ng anumang paggamit o bago maabot ang antas ng pagkakalantad sa pamamagitan ng paglanghap (inhalation exposure level) na nakalista sa label ng ng produktong pesticide o natugunan ang pamantayan sa greenhouse ventilation,

– O nagsasagawa ng mga tungkulin ng isang tagapayo ukol sa pananim (crop advisor), kabilang ang pagtingin o pag-scout sa field, pagsasagawa ng mga obserbasyon sa lagay ng mga tanim, o kumukuha ng mga sample sa oras ng paglalagay o anumang restricted-entry interval na nakalista sa label ng produktong pesticide

Mga Tala ng Tagapagturo:

Kaligtasan sa Pesticide para sa Mga Handler/Applicator

- Responsibilidad ng mga employer ng handler na bigyan ng impormasyon at proteksiyon ang mga handler na dinisenyo para mabawasan ang pagkakalantad sa pesticide at mga karamdaman na may kinalaman sa trabaho. Kabilang dito ang pagbibigay, paglilinis, pagpapanatili, pagtatabi, at pagtiyak sa wastong paggamit ng lahat ng kinakailangang personal protective equipment; pagbibigay ng mga supply sa pag-decontaminate; at pagbibigay ng partikular na impormasyon tungkol sa paggamit ng pesticide at impormasyon sa label.
- Dapat pansamantalang itigil ng mga handler ang isang paggamit ng pesticide kung may mga manggagawa o iba pang tao sa application exclusion zone.
- Dapat na 18 taong gulang man lang ang mga handler.
- Responsibilidad ng mga pang-agrikulturang employer na paskilan ang mga lugar na nilagyan ng pesticide tulad ng hinihingi ng alituntuning ito.

Talakayan: Anong mga tungkulin sa inyong operasyon ang maaaring maging dahilan ng pagiging handler ng pesticide ng isang tao, lalo na ang mga hindi ganoon kahalata? (hal., mga flagger, tauhan sa irigasyon na nagsisimula ng chemigation o mga paggamit ng algaecide kapag binubuksan ang tubig, mga mekanikong nagkukumpuni ng mga traktora/kagamitang pang-spray)

Ano ba ang pesticide?

• Ang pesticide ay anumang substansya na ginagamit para maiwasan, mapaalis o makontrol ang dami ng mga insekto, daga, nematode, fungi, damong ligaw, o anumang iba pang organismong itinuturing na peste.

Mga Uri ng Peste at Mga Pesticide



Mga Tala ng Tagapagturo:

ANO BA ANG PESTICIDE?

Ang pesticide ay anumang substansya na ginagamit para maiwasan, mapaalis o makontrol ang dami ng mga insekto, daga, nematode, fungi, damong ligaw, o anumang iba pang organismong itinuturing na peste. Bagaman mga pesticide maging ang mga disinfectant na tulad ng chlorine at Pinesol, ginagamit ang mga pesticide sa mga pang-agrikulturang setting para makontrol ang mga peste na nakakasira ng mga pananim. Mga pesticide ang mga herbicide, insecticide, fungicide, at mga rodenticide, at ang mga ginagamit sa agrikultura na maaaring saklaw ng WPS.

Tandaan: Itinuturing din na mga pesticide ang mga insect lure, mating disruption pheromone, adjuvant/surfactant, at growth regulator, at dapat ding pagsanayan.

Paano natin ligtas na magagamit ang mga ito?

- Basahin at sundin ang mga tagubilin ng label para sa paggamit
- Maging mas maingat sa mga pesticide bago ihalo ang mga ito sa tubig, sa kanilang purong anyo
- Alamin ang pagkakasunod-sunod ng paghahalo ng mga pesticide
- Maging pamilyar sa mga babala at paunang lunas
- Magsuot/Gumamit ng tamang proteksiyon (hal. PPE at mga engineering control)
- Kumuha ng wastong pagsasanay at sundin ito

MGA URI NG MGA PESTE AT PESTICIDE

Dapat na gamitin lang ang mga pesticide sa nakatalagang produkto/ target site para kontrolin ang isang partikular na peste. Labag sa batas ang paggamit ng pesticide para sa isang paggamit na iba sa nakasaad sa label.

Mga halimbawa:

- Mga Herbicide (Mga Pananim)
- Mga Insecticide (Mga Insekto)
- Mga Rodenticide (Mga Daga)
- Mga Fungicide (Mga Fungus)
- Mga Fumigant (Mga Peste sa Lupa/Imbakan)

Aktibidad: Kumuha ng ilang label ng pesticide (iba-iba hangga’t maaari) na ginagamit ninyo sa inyong mga operasyon, at ipatukoy sa mga handler kung anong mga produkto at peste ang pinapayagan ng mga label.

Ang Label ng Pesticide

- **Mahahalagang Seksiyon**

– Senyal na salita

– Pangalan ng produkto

– Pangalan ng kemikal

– Pormulasyon

– Paunang Lunas

- Mga Pahayag para sa Pag-iingat

– Mga tagubilin sa paggamit

– PPE para sa mga handler

– REI

– Mga Rekomendasyon sa Kaligtasan ng Gumagamit



Mga Senyal na Salita

Ang mga salitang ito ang nagsasabi tungkol sa malulubhang epekto:

- **“DANGER” (“PANGANIB”)**—napakamapanganib ng pesticide na ito.
- **“WARNING” (“BABALA”)**—katamtamang mapanganib ang pesticide na ito.
- **“CAUTION” (“MAG-INGAT”)**—medyo mapanganib ang pesticide na ito.

ILAYO SA MGA BATA.

DANGER/ PANGANIB

LASON

Ang Label ng Pesticide

Aktibidad: Gamit ang mga label ng pesticide na ginamit sa inyong operasyon, ipaturo at ipa-highlight sa inyong mga handler ang iba't ibang bahaging ito sa mga label. (Subukang maghanap ng mga label na may naiibang kinakailangang PPE)

Poison – simbolo ng bungo at krus na buto

1. **Kapag kinakailangan**

   Ang salitang "POISON" at ang simbolo ng bungo at krus na buto na kinakailangan para sa mga produktong inuri bilang toxicity category I para sa mga pag-aaral sa acute oral, acute dermal, o acute inhalation toxicity: 40 CFR 156.64(A)(1). Dagdag pa, kung ang isang pormulasyon ay naglalaman ng >= 4% methanol, inirerekomenda ang paglalagay ng "POISON" at ang simbolo ng bungo at krus na buto dahil sa alam na posibleng panganib ng pagdudulot ng pagkabulag.

2. **Lokasyon at pagiging kitang-kita**

   Kung kinakailangan, dapat na ipinapakita na magkalapit sa isa't isa ang salitang "POISON" at ang simbolo. Dapat na pula ang salitang "POISON" sa isang background na talagang kakontra ang kulay. Dapat na malapit ito sa senyal na salitang "DANGER." 40 CFR 156.64(A)(1).

Mga Senyal na Salita

Ang mga pesticide na Toxicity Category I (Kategorya ng Pagiging Nakakalason I), na pinakamapanganib na materyales, ay laging may salitang "DANGER" sa label.

Toxicity Category I - DANGER

Ang mga pesticide na Category II, ang mga may senyal na salita na "WARNING" ay katamtamang nakakalason o mapanganib. Pagiging Nakakalason

Toxicity Category II - WARNING

Ang mga pesticide na Category III at IV, yaong pinakahindi gaanong mapanganib o nakakalason, ay tinutukoy ng salitang "CAUTION".

(Ang mga pesticide na Category IV ay maaaring hindi mangailangan ng senyal na salita.)

Toxicity Categories III & IV - CAUTION

Mga Uri ng Pormulasyon

TUYO	LIKIDO	IBA PA
Granular Wettable Powder (Powder na puwedeng mabasa) Soluble powder (Nalulusaw na powder) Mga Pellet Mga Pormulasyon ng Pakain sa Hayop Mga Pain Mga Kumbinasyon ng Fertilizer Naipapakalat sa Tubig Granule (WDG) Dry Flowable (DF)	Mga Emulsifiable Concentrate (Mga EC) Ultra Low Volume (ULV) Mga tech concentrate Mga Flowable Mga MEC Mga Aerosol Liquified Gas/Mga Fumigant Mga Solusyon Mga Pintura	Kontroladong Paglalabas Mga Repellent Mga Attractant Mga collar at tag Mga pang-absorb na produkto (impregnated product) Mga device sa pagkontrol ng predator Mga animal systemic (Oral, dermal, injectable implant, feed additive)

Paghahalo at Pagkarga

- Sundin ang mga tagubilin ng label
- Pagtingin sa kagamitan
- Personal protective equipment na nangangailangan ng label
- Pagbubukas ng mga container
- Pag-set up sa site na kakargahan
- Mga panukat na device
- Wastong pagkakasunod-sunod ng paghahalo
- Tandaan: Lahat ng personal protective equipment ay dapat ibigay ng employer.

Pagbabanlaw at Pagtatapon ng Container



Mga Tala ng Tagapagturo:

Paghahalo at Pagkarga

Ang paghahalo at pagkakarga ng mga pesticide ay maaaring ang pinakamapanganib na gawain sa pangangasiwa ng pesticide. Habang naghahalo at nagkakarga ng mga pesticide, pinakamalamang na malantad ang mga handler sa napakaraming pesticide bilang mga concentrate.

Mga Tagubilin sa Label: Laging basahin muna ang mga tagubilin sa label. Nagbibigay ng impormasyon ang label tungkol sa kinakailangang personal protective equipment, mga pamamarang pang-emergency, at mga rate ng paghahalo. Hinihingi ng batas na magkaroon ng label sa site na paghahaluan at kakargahan.

Pagtingin sa Kagamitan: Tingnan ang pang-spray para matiyak na ligtas ang lahat ng bahagi at maayos na gumagana. Suriin ang lahat ng hose kung may mga bitak at tulo at mga wastong koneksyon. Tiyaking malinis ang mga filter, screen at nozzle. Tiyaking nasa mabuting kondisyon ang mga drive belt. Tingnan ang lahat ng seal para sa mga tulo.

Pagbubukas ng Mga Container: Dapat mag-ingat kapag nagbubukas ng mga container ng pesticide. Dapat itutok sa direksiyon ng hangin ang mga container kapag binubuksan. Para sa pagbubukas ng mga papel na container na may mga pulbos o granule, gumamit ng kutsilyo o gunting. Hindi dapat gamitin ang kontaminadong kutsilyo o gunting para sa anumang iba pang gamit. Kapag nagbubukas ng mga plastic na container tulad ng mga jug, alisin ang ibabaw na gilid ng bukana ng container kapag nagsasalin. Dapat ilagay ang lahat ng container sa isang patag at pirming surface para maiwasan ang pagtumba o pagtapon.

Pag-set Up sa Site na Kakargahan: I-set up ang site na kakargahan para sa maximum na kaligtasan. Dapat na pantay, malinis at pirmi ang surface na tinutuntungan ng handler. Dapat na maliwanag ang site na kakargahan. Dapat na salungat sa direksiyon ng hangin ang handler at mas mataas kaysa sa bukana ng spray tank at dapat na magbuhos pababa at palayo sa kanyang katawan para ma-minimize ang pagkakalantad sa mga talsik o fume.

Mga Panukat na Device: Hinihingi ng batas ang mga tumpak na panukat na device para sa paghahalo ng mga pesticide. Dapat na ma-calibrate ang mga panukat na device hanggang sa pinakamaliit na unit kung saan tinitimbang at sinusukat ang pesticide. Maaaring libras (pounds), onsa (ounces), tasa, quart, o iba ang unit ng sukat na nakalista sa label ng pesticide. Tiyaking alam ng mga empleyado ang mga rate ng conversion kung nagko-convert ng mga work order na nakasulat sa isang unit tungo sa unit ng panukat na device.

Wastong pagkakasunod-sunod ng Paghahalo: Kapag naghahalo ng higit sa isang pesticide, alamin ang wastong pagkakasunod-sunod kung paano idadagdag ang mga kemikal sa spray tank sa pamamagitan ng pagsunod sa label ng pesticide. Dapat na bahagyang punuin ng tubig ang spray tank at pagkatapos ay punuin sa panghuling dami matapos maidagdag ang materyales. Maaaring kailangang alugin para sa ilang mixture.

Mga Uri ng Pormulasyon

Mga Powder, Likido, Granular, Emulsifable Concentrate, Flowable, Wettable Powder, Water-soluble Concentrate

Pagkakasunod-sunod ng Paghahalo:

1) Mga Wettable Powder (Powder na puwedeng mabasa)

2) Mga Flowable

3) Mga water-soluble concentrate

4) Mga emulsifiable concentrate

Pagbabanlaw at Pagtatapon ng Container

Iniaatas ng mga regulasyon na banlawan ang mga container ng pesticide kapag inaalisan ng laman. Dapat na maayos na naitabi ang mga container ng pesticide at itapon sa lalong madaling panahon. Dapat na magbigay ng tagubilin ang mga label ng pesticide tungkol sa timing at proseso para sa pag-aalis ng mga natirang pesticide. Dapat sundin ang mga tagubilin na ito, at ang mga tagubilin sa pagtatapon ng container, gaya ng nakasulat.

Agad na Banlawan nang Tatlong Beses ang mga container, ilagay ang tubig na pangbanlaw sa tangke habang hinahalo. Malinaw na markahan at butasan ang mga container.

Mga Alalahaning Pangkapaligiran at Drift



Personal Protective Equipment (PPE)

Proteksiyon sa Ulo

Goggles

Respirator na Sakop ang Kalahating Mukha

GUWANTES Apron na Chemical-resistant

Apron na Chemical-resistant

Takip sa Mukha

Mga Coverall

Mga sapatos na Chemical-resistant

Mga Tala ng Tagapagturo:

Mga Alalahaning Pangkapaligiran at Drift

Hindi dapat gumamit ng pesticide ang mga handler sa paraang napupunta ito sa mga manggagawa o iba pang tao. Huwag kalimutan ang application exclusion zone. Dapat suspindihin ng mga handler ang isang paggamit ng pesticide kung may manggagawa o ibang tao sa application exclusion zone. At hindi maaaring idirekta ng mga employer ang kanil-ang mga empleyado sa application exclusion zone kung nasa property nila ang application zone.

Magbibigay ng impormasyon ang label tungkol sa mga maselang pananim at mga panganib sa mga pinagkukunan ng tubig. Dapat sundin ang mga tagubiling ito.

Talakayan: Ipatukoy sa iyong mga handler ang mga panganib sa kapaligiran sa paligid ng inyong operasyon na maaaring makaapekto sa inyong mga operasyon sa pesticide. (hal., mga kalsada, ilog, paaralan, bus stop, bahay-pukyutan, atbp.)

Personal Protective Equipment (PPE)

Ang gamit ng personal protective equipment ay mabawasan ang dami ng pesticide na dumidikit sa katawan o damit. Pinoprotektahan din ng goggles ang mga mata at nililimitahan ng respirator ang paglanghap ng mga nakalalasong kemikal. Mabisa lang ang personal protective equipment kung kasyang-kasya ito, ginagamit nang tama, at pinananatiling malinis at maayos. Kahit ang pinakakasyang kagamitan ay may mga limit sa dami ng proteksiyon na naibibigay nito; samakatuwid, dapat pa ring mag-ingat ang mga applicator para maiwasan ang pagtapon, pagtalsik o pag-spray ng mga pesticide sa kanilang mga katawan.

Responsibilidad ng mga employer na bigyan ng impormasyon at proteksiyon ang mga handler na dinisenyo para mabawasan ang pagkakalantad sa pesticide at mga karamdaman na may kinalaman sa trabaho. Kabilang dito ang pagbibigay, paglilinis, pagpapanatili, pagtatabi, at pagtiyak sa wastong paggamit ng lahat ng kinakailangang personal protective equipment. Dapat ipaalam ng employer sa handler ang tungkol sa paggamit at partikular na impormasyon sa pangangasiwa tungkol sa impormasyon sa paggamit at label.

Alisin ang PPE kapag nakumpleto mo na ang mga gawain kung saan nalantad ka sa pesticide. Hugasan ng sabon at tubig ang mga muling nagagamit na guwantes, at pagkatapos ay alisin ang iba pang PPE habang suot ang guwantes. Pagkatapos ay hugasan ulit ng sabon at tubig ang guwantes bago alisin ang mga ito. Linisin ang muling magagamit na PPE alinsunod sa mga tagubilin ng PPE, nang hindi nako-contaminate ang sarili.

Talakayan/Aktibidad: Ipaliwanag at suriin ang mga tagubilin ng manufacturer tungkol sa kung paano pangalagaan o itapon ang PPE. Papiliin ng ibang bahagi ng PPE ang bawat empleyado at ituro/ipakita sa klase kung paano linisin/itapon nang tama ang PPE.

Proteksiyon para sa Paghinga



Mga bagay na dapat isaalang-alang:

- Nakasulat na Programa
- Medikal na Kuwestiyonaryo
- Pagsusukat
- Paggamit
- Pagpapanatili
- Buhok sa mukha



Employee Respirator Assignment, Fit Test, Training Record, & Consultation
(Written Respiratory Protection Program - Attachment #1)

Employer's Name: Page: of

Respirator(s) Assigned (Specify manufacturer, style, & size)	Type (Specify type: dust, mist, SCBA or SAR; Air-purified N-R, Oil-proof)	Hazard(s) (Specify)	Activity(s) (Include historic which may affect hazard or assignment)	Employer Required or Voluntary Use Employer Supplied (Not required for Levels D & Higher)	Date of Fit Test	Type of Fit Test (Qualitative or Quantitative)	Results Pass or Fail (Fit Factor if applicable)
				☐Employer Required ☐Voluntary Use & Employer Supplied			☐ Pass ☐ Fail
				☐Employer Required ☐Voluntary Use & Employer Supplied			☐ Pass ☐ Fail
				☐Employer Required ☐Voluntary Use & Employer Supplied			☐ Pass ☐ Fail

I have been trained on why respirators are necessary and how improper fit, usage, or maintenance can compromise the protective effect of a respirator. What the limitations and capabilities of the above listed respirator(s) are. How to use the respirator(s) effectively in emergency situations, including situations in which the respirator malfunctions. How to inspect, put on and remove, use, and clean the seals of the respirator(s). What the procedures are for maintenance and storage of the respirator(s). How to recognize medical signs and symptoms that may limit or prevent the effective use of respirators. And the general requirements of Title 3, CCR 6739.

☐ Furthermore, I have been instructed in the use of gas mask respirators (full face piece). I was asked if respirators used fit comfortably, were adjusted properly, were properly maintained, suitable for the particular hazard and the working conditions at this work site, and on my views on the respiratory program's effectiveness. My comments on this consultation are as follows: *(use back of page if more space is needed)*

Employee's Signature: _____ Date: _____ Medical Evaluation on file: ☐ Yes ☐ No

Trainer's Name: _____ Trainer's Signature: _____

Record ng Pagsusukat ng Respirator

Ligtas na Paggamit ng Pesticide

Application Exclusion Zone (AEZ)

Ang Application Exclusion Zone o "AEZ" ay ang lugar sa paligid ng kagamitan para sa paggamit ng pesticide na dapat mapanatiling walang manggagawa at bystander. Noong Enero 2, 2017, mga handler lang ng pesticide na nagsanay nang wasto, nakasuot ng personal protective equipment (PPE) at kasamang nagsasagawa ng paggamit, ang pinapayagan sa AEZ.

Sinusukat ang AEZ mula sa kagamitan para sa paggamit. Kumikilos din ang AEZ kasabay ng kagamitan para sa paggamit na para bang halo o bilog sa paligid ng lugar ng paggagamitan.

100 piyeng AEZ para sa:

- Mga aerial na aplikasyon
- Mga air blast sprayer
- Mga paggagamitan ng fumigant
- Mga paggagamitan ng usok
- Mga paggagamitan ng mist
- Mga paggagamitan ng fog
- Iba pang paglalagay na gumagamit ng mga pino o napakapinong patak (<294 microns)

25 piyeng AEZ kapag:

Inii-spray ang pesticide gamit ang mga patak na katamtaman o mas malaki at mula sa higit sa 12 pulgada sa taas ng tanim

Kung wala sa mga kategoryang ito ang iyong paggamit, hindi angkop ang AEZ.

Noong Enero 2, 2018, dapat na agad na suspindihin ng mga handler ng pesticide ang paggamit kung may manggagawa o ibang tao, na hindi isang handler na nagsanay nang wasto o may wastong kagamitan na kasama sa paggamit, ang nasa AEZ, nasa establisimiyento man siya o wala. Kabilang dito ang mga tao sa mga kalapit na bukid.

Proteksiyon para sa Paghinga

Tutukuyin ng mga produktong nangangailangan ng paggamit ng respirator ang partikular na uri o mga uri na maaaring gamitin. Bago maitalaga ang sinumang manggagawa na magsuot ng respirator, dapat na magpatupad ang employer ng nakasulat na programang pangrespiratoryo. Dapat kasama sa programa ang impormasyon sa pagpili ng respirator, pagsusukat, medikal na pagsusuri, pagpapanatili, paglilinis, at pagsasanay.

Record ng Pagsusukat ng Respirator

Sa ilalim ng WPS, dapat magsagawa ang employer sa handler ng pagsusukat, medikal na pagsusuri para sa kanyang kakayahang ligtas na magsuot ng respirator, at pagsasanay muna sa respirator bago magsuot ng respirator ang handler. Dapat panatilihin at ibigay ng employer – tulad ng lahat ng PPE – ang respirator sa handler. Kinakailangang magtabi ang employer ng record ng pagkumpleto sa lahat ng kinakailangan na ito.

Ligtas na Paggamit ng Pesticide

Application Exclusion Zone (AEZ)

Ang Application Exclusion Zone o “AEZ” ay ang lugar sa paligid ng kagamitan para sa paggamit ng pesticide na dapat mapanatiling walang manggagawa at bystander. Noong Enero 2, 2017, mga handler lang ng pesticide na nagsanay nang wasto, nakasuot ng personal protective equipment (PPE) at kasamang nagsasagawa ng paggamit, ang pinapayagan sa AEZ.

Sinusukat ang AEZ mula sa kagamitan para sa paggamit. Kumikilos din ang AEZ kasabay ng kagamitan para sa paggamit na para bang halo o bilog sa paligid ng lugar ng paggagamitan.

100 piyeng AEZ para sa:

- Mga aerial na aplikasyon
- Mga air blast sprayer
- Mga paggagamitan ng fumigant
- Mga paggagamitan ng usok
- Mga paggagamitan ng mist
- Mga paggagamitan ng fog
- Iba pang paglalagay na gumagamit ng mga pino o napakapinong patak (<294 microns)

25 piyeng AEZ kapag:

Inii-spray ang pesticide gamit ang mga patak na katamtaman o mas malaki at mula sa higit sa 12 pulgada sa taas ng tanim

Kung wala sa mga kategoryang ito ang iyong paggamit, hindi angkop ang AEZ.

Noong Enero 2, 2018, dapat na agad na suspindihin ng mga handler ng pesticide ang paggamit kung may manggagawa o ibang tao, na hindi isang handler na nagsanay nang wasto o may wastong kagamitan na kasama sa paggamit, ang nasa AEZ, nasa establisimiyento man siya o wala. Kabilang dito ang mga tao sa mga kalapit na bukid.

Transportasyon

Site para sa Pag-decontaminate ng Handler

• Malinis na tubig para sa karaniwan at pang-emergency na paghuhugas – 3 galon kada handler

• Sabon

• Mga tuwalyang isang gamitan lang

• Malinis na set ng damit, tulad ng mga coverall, para magamit sakaling may emergency

• Dapat na may nakahanda agad na isang pint ng tubig para sa pang-emergency na paghuhugas ng mata (dala ng handler o nasa sasakyan na ginagamit ng handler) sa bawat handler kung ang label ng produktong pesticide ay nangangailangan ng proteksiyong pangmata.

• Istasyong paghuhugasan ng mata sa site ng paghahalo/pagkakarga

Mga Tala ng Tagapagturo:

Transportasyon

- Tiyaking mahigpit na nakasara ang container ng produktong pesticide.

- Ilagay ang container sa sasakyan na hindi malalantad ang mga tao (halimbawa, truck bed).

- Hindi dapat itabi sa/o ilipat ang mga pesticide malapit sa pagkain o pakain sa hayop.

- Tiyakin na talagang secure sa patayong posisyon ang mga pesticide.

- Tiyaking tama ang label ng container. (Pangalan ng Produkto/ Aktibong Sangkap, Senyal na Salita, at Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Responsableng Partido)

“Huwag magdadala ng mga pesticide sa loob ng iyong kotse, trunk ng kotse, van o cab ng trak. Maaaring magdulot ng pinsala o kamatayan ang mga pesticide kung matatapon ito sa iyo o sa iyong mga pasahero. Baka may lumabas na mapanganib na singaw. Mahirap alisin ang mga matatapon sa mga seat cover. Maaaring magkasakit ang mga tao sa pesticide nang ilang araw o linggo kung hindi ito malilinis nang tama.”

Aktibidad: Atasan ang mga empleyado na ipakita kung paano ikarga/ isakay sa sasakyan nang tama ang mga pesticide.

Site para sa Pag-decontaminate ng Handler

Dapat ibigay ng employer ng handler ang mga sumusunod na supply sa pag-decontaminate:

- Malinis na tubig para sa karaniwan at pang-emergency na paghuhugas – 3 galon kada handler

- Sabon

- Mga tuwalyang isang gamitan lang

- Malinis na set ng damit, tulad ng mga coverall, para magamit sakaling may emergency

- Dapat na may nakahanda agad na isang pint ng tubig para sa pang-emergency na paghuhugas ng mata (dala ng handler o nasa sasakyan na ginagamit ng handler) sa bawat handler kung ang label ng produktong pesticide ay nangangailangan ng proteksiyong pangmata.

-Istasyong paghuhugasan ng mata sa site ng paghahalo/pagkakarga

Aktibidad: Pabuuin sa mga empleyado ang sarili nilang supply kit para sa pag-decontaminate.

Record ng Pagsasanay

Pamantayan ng Proteksiyon ng Manggagawa

Record ng Pagsasanay

Pangalan ng Kumpanya	
Pangalan ng Tagapagsanay (Isulat nang Naka-print)	**Lagda ng Tagapagsanay**
Mga Kwalipikasyon ng Tagapagsanay	
Mga Paksa ng Taunang Pagsasanay	
1.a.	Ang responsibilidad ng mga pang-agrikulturang employer ay ang bigyan ang mga manggagawa at handler ng impormasyon at proteksiyong dinisenyo para mabawasan ang mga pagkakalantad sa at karamdaman na dulot ng pesticide na kaugnay ng trabaho. Kabilang dito ang pagtiyak na sinanay tungkol sa kaligtasan sa pesticide ang mga manggagawa at handler,
1.b.	Na dapat magbigay ang employer ng impormasyon tungkol sa kaligtasan at paggamit at panganib ng pesticide,
1.c.	mga supply sa pag-decontaminate at
1.d.	pang-emergency na tulong medikal,
1.e.	abiso sa mga manggagawa tungkol sa mga paghihigpit sa oras ng mga paggamit,
1.f.	abiso sa mga manggagawa tungkol sa mga paghihigpit sa mga lugar na nilagyan ng pesticide,
1.g.	at maaaring magtalaga ng kinatawan ang isang manggagawa para humiling, sa ngalan niya, ng impormasyon sa paggamit at panganib ng pesticide.
2.	Paano matutukoy at mauunawaan ang kahulugan ng mga paskil na karatulang babala na ginagamit para abisuhan ang mga manggagawa tungkol sa mga paghihigpit sa pagpasok sa mga lugar na nilagyan ng pesticide sa establisimyento.
3.	Paano sundin ang mga tagubilin at/o mga karatula tungkol sa paglayo sa mga lugar na nilagyan ng pesticide na sumasailalim sa takdang panahon na hinihigpitan ang pagpasok at mga zone ng distansya mula sa kagamitan sa paglalagay ng pesticide.
4.a.	Saan at sa anong anyo maaaring malantad sa mga pesticide sa oras ng mga gawain sa trabaho, at mga posibleng pagmulan ng pagkakalantad sa pesticide sa establisimyentong pang-agrikultura. Kabilang dito ang pagkakalantad sa mga tirang pesticide na maaaring nasa ibabaw o nasa loob ng mga pananim,
4.b.	o nasa lupa,
4.c.	mga traktora, kagamitan para sa paggamit at paglalagay ng kemikal,
4.d.	gumamit ng Personal Protective Equipment (PPE),
4.e.	at maaaring tangayin ng hangin ang mga pesticide mula sa mga kalapit na paggamit, o
4.f.	nasa patubig.
5.a.	Mga posibleng panganib sa pagiging nakakalason at pagkakalantad na dulot ng mga pesticide sa mga manggagawa at sa kanilang mga pamilya, kabilang ang malulubhang epekto,
5.b.	mga hindi gumagaling na epekto,
5.c.	mga naantalang epekto, at
5.d.	Sensitization.
6.	Mga daan na maaaring pasukan ng mga pesticide sa katawan (*hal.*, balat, mata, ilong, bibig).
7.	Mga palatandaan at sintomas ng mga karaniwang uri ng mga pagkalason sa pesticide.
8.	Pang-emergency na paunang lunas para sa mga pinsala o pagkalason sa pesticide.
9.a.	Mga karaniwan at pang-emergency na pamamaraan sa pag-decontaminate, kabilang ang mga pamamaraan sa pang-emergency na paghuhugas ng mata, at
9.b.	kung natapon o na-spray sa katawan ang mga pesticide na gamitin ang mga supply sa pag-decontaminate para agad hugasan o banlawan sa pinakamalapit na malinis na tubig kabilang ang mga batis, bukal, lawa, o iba pang pinagmumulan kung mas madaling makuha ang mga ito kaysa mga supply sa pag-decontaminate,
9.c.	at sa lalong madaling panahon, sundan ng paghuhugas o mag-shower gamit ang sabon at tubig, mag-shampoo ng buhok, at magbihis ng malinis na damit.
10.	Paano at kung kailan hihingi ng pang-emergency na pangangalagang medikal.
11.a.	Kapag nagtatrabaho sa mga lugar na ginamitan ng pesticide, magsuot ng damit na pantrabaho na nagpoprotekta sa katawan mula sa mga tirang pesticide at
11.b.	hugasan ang mga kamay bago kumain, uminom, gumamit ng kubeta, o gumamit ng gum o tobacco.
12.a.	Sa lalong madaling panahon matapos magtrabaho sa mga lugar na nilagyan ng pesticide, maghugas o mag-shower gamit ang sabon at tubig, mag-shampoo ng buhok,
12.b.	at magbihis ng malinis na damit.
13.	May mga posibleng panganib mula sa mga tirang pesticide sa damit.
14.a.	Labhang ang mga damit bago muling isuot ang mga ito at
14.b.	hiwalay na labhan ang mga ito sa iba pang labada.
15.	Huwag mag-uwi ng mga pesticide o mga lalagyan ng pesticide na ginamit sa trabaho.
16.	Ang mga Safety Data Sheet (SDS) ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga panganib, pang-emergency na medikal na paggamot, at iba pang impormasyon tungkol sa mga pesticide na ginagamit sa establisimyento.
17.a.	Dapat mag-display ang employer ng SDS para sa lahat ng pesticide na ginagamit sa establisimyento na maaaring mapadikit sa iyo,
17.b.	dapat sabihin sa mga manggagawa at handler kung saan matatagpuan ang SDS, at
17.c.	bigyan ng access sa SDS ang mga manggagawa at handler sa normal na oras ng pagtatrabaho.
18.	Pinagbabawalan ng alituntunin ang mga pang-agrikulturang employer sa pagbibigay o pag-atas sa isang manggagawa na maghalo/magkarga/o gumamit ng mga pesticide o tumulong sa paggamit ng mga ito maliban kung nagsanay bilang isang handler.
19a.	Dapat magbigay ang mga pang-agrikulturang employer ng partikular na impormasyon sa mga manggagawa para sa maagang pagpasok sa lugar na nilagyan ng pesticide bago sila atasan na magsagawa ng mga gawain para sa maagang pagpasok sa lugar na nilagyan ng pesticide.
19.b.	Dapat na 18 taong gulang o mas matanda ang mga manggagawa para sa maagang pagpasok sa lugar na nilagyan ng pesticide.
20.	May mga panganib sa mga bata at mga buntis sa pagkakalantad sa pesticide.
21.	Ilayo ang mga bata at hindi nagtatrabahong pamilya sa ma
22.a.	Matapos gumawa sa mga lugar na nilagyan ng pesticide, a pumasok sa iyong tahanan at

Pag-verify sa Pagsasanay ng Handler (Lahat ng paksa)		
Pangalan ng Empleyado (Isulat nang Naka-print)	**Lagda ng Empleyado**	**Petsa**

Label ng Pesticide/Pagsasanay sa Safety Data Sheet			
Pangalan at Manufacturer ng Produkto	**Num. ng Rehistro sa EPA**	**Aktibong Sangkap**	**Petsa**

Mga Tala ng Tagapagturo:

Record ng Pagsasanay para sa Mga Handler ng Pesticide at Manggagawa sa field – kinakailangan taon-taon

Dapat makumpleto ang isang record ng pagsasanay ng indibidwal para sa bawat empleyado. Dapat na 18 taong gulang man lang ang mga handler.

Ipinapakita ng record ng pagsasanay na sinanay ang bawat empleyado sa lahat ng aspeto ng mga pesticide at isinasaad ang mga partikular na pesticide na pinagsanayan ng empleyado.

Pinagbabawalan ng alituntunin ng WPS ang mga pang-agrikulturang employer sa pagbibigay o pag-atas sa isang manggagawa na maghalo, magkarga, o gumamit ng mga pesticide, o tumulong sa paggamit ng mga ito, maliban kung nagsanay siya bilang isang handler.